

Sa lahat ng mag-aaral~ Mensahe mula sa Okazaki Board of Education

Ngayon ang lahat ng tao sa Japan at sa buong mundo ay nag iingat sa paglaganap ng Novel Coronavirus. Sa ngayon ang mga pasahero ng cruise 「Diamond・Princess」 ay nasa medical center ng Okazaki. Ito ay isang mahalagang aksyon upang maiwasan ang paglaganap. Iba't ibang klase ng tao ang nagsisikap kumilos upang maiwasan ang paglaganap ng virus. Ang China ay isa sa buong mundo na laganap ang virus. Ang mga kaibigan na nag-aaral sa ibang bansa, pansamantalang bumalik ng Japan na nakatira sa China ay maaaring mag-enrol sa inyong paaralan.

Para sa mga taong nagsisikap kumilos, at para sa pamilya nito, mga kaibigan na nalulungkot dahil nalayo sa Japan, upang maiwasan ang paglaganap ng virus. Pakiusap lamang sa inyong lahat. Huwag magsalita ng masakit o apihin ang mga kaibigan ng nag-aaral sa malapit ng medical center. Kapag may nakita na taong nag-aalala, kausapin at suportahan. Kung may nang-api, magsabi sa taong mapapagkatiwalaan. Huwag magpadala sa tsismis, Isaisip kapag ikaw ang nasa ganung sitwasyon. Hinihiling namin na magkaroon tayo ng konsiderasyon sa ating kapwa.

Para maging masaya ang school life, pangalagaan ang sariling kalusugan. Gawin ang nasa ibaba na paraan ng pagpigil sa paglaganap ng virus.



Pagpigil sa paglaganap ng Novel Coronavirus

- Maghugas ng kamay ng mabuti at mag-mumog
- Mag-mask ang taong may ubo at humahatsing.
- Huwag mag-puyat, matulog ng sapat.
- Kumain ng balance nutrition, ikondisyon ang katawan.
- Buksan ang bintana, palitan palagi ang hangin sa loob ng silid-aralan.
- Huwag pilitin ang sarili na pumasok kung masama ang pakiramdam. Matulog ng maaga.



Sintomas na nararamdaman na kailangang bigyan ng pansin.

- ① Sintomas ng trangkaso, kung may apat na araw ng lagnat na 37.5°C pataas.
- ② Kung nanghihina ang katawan at nahhirapan huminga.
- ③ Kung may sintomas ng no. ① - ② Sumangguni lamang sa Center para sa mga returnees at infection contact (Okazaki Public Health Center 080-1603-9000)

